




#PNPKAKAMPIMO



Volume V No. 52* Disyembre 25-31, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

PHP115.6-M HALAGA NG SHABU, NASAMSAM SA PAMPANGA

Nagsagawa ng operasyon kontra ilegal na droga ang pinagsanib na puwersa ng PNP PDEG SOU NCR kasama ang CIDG RFU3, PIB/PSOG/PDEU, Pampanga PPO, SDEU Mexico MPS, RIU3, PDEA NCR at PDEA 3 na pinangunahan ni PLT Jhordan Bartolome at sa superbisyon ni PLtCol Arnulfo G Ibañez sa Barangay Lagundi, Mexico, Pampanga. *sundan sa pahina 3*



PUBLIC ANNOUNCEMENT!!!



Alert Levels System for COVID-19 in the NCR
Alert Level 2

Minimal on-site capacity

(applying work from-home and other flexible work arrangements)

Allowed (50% on-site or venue/seating capacity)

Activities and Establishment

Police Community Affairs and Development Group Pulis At Komunidad PNP Pulis At Ur Serbis pcadg.pnp.gov.ph

8 NPA members, sumuko sa Camarines Norte PNP

sundan sa pahina 10

Php1.5M droga nasabat sa magkahiwalay na buy-bust ops

sundan sa pahina 11



PULISYAPEDIA

Maaari bang maging ebidensya sa isang kaso ang screenshot sa cellphone?

Alinunod sa mga pagbabagong isinama sa Revised Rules on Evidence (AM No. 19-08-15-SC), isinama ang anumang larawan na kuha sa mga device gaya ng cellphone bilang mga uri ng documentary evidence kung ito ay naglalaman ng mga titik, salita, tunog, numero, larawan, simbolo, at iba pa na gagamiting ebidensya ang nilalaman nito. Halimbawa nito ay ang mga screenshot ng mga komento at pag-uusap sa social media, text messaging, at iba pa. Bukod sa ito ay admissible bilang documentary evidence, ang anumang printout o soft copy nito na nakikita at walang pagbabago sa datos na nakalagay ay itinuturing na "original" ng isang dokumento.

JOINT TASK FORCE CV SHIELD

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495

SMART

09988490013

LANDLINE

(02)87253176

E-MAIL

ncovmonitoring@gmail.com

#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect
 @pnp.ph @pnp.ph @pnp.ph PNP www.pnp.gov.ph

E - SUMBONG



e - SUMBONG SMS Hotline
SMART : 0919 1601 752
GLOBE : 0917 8475 757

Email :
e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page :
facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal :
https://e-sumbong.pnp.gov.ph



PGEN DIONARDO B CARLOS

Mock Election sa NCR, tagumpay



Inanunsyo ni PMGen Vicente D. Danao, Jr. ang matagumpay na security coverage sa ginanap na mock election sa NCR noong Disyembre 29, 2021 at matahimik itong naisagawa.

Ang planong security coverage sa mock election ay sa mga piling lugar sa Pasay City, Taguig City at Pateros.

Kaugnay rito, may dalawang voting centers at 200 na botante


sa bawat isa sa lugar ng Taguig at Pateros, habang may dalawang voting centers at 765 botante sa Pasay.

"Bukod sa ilang technical error at maliit na problema sa computer na madaling nalutasan, walang hindi inaasahang pangyayari ang nakita sa aming security coverage. Dulot nito, binabati ko ang lahat ng mga lumahok

na unit, sa aming mga tauhan at iba pang allied security forces sa kanilang mahusay na trabaho," sabi ni PMGen Danao.

Ang security coverage ay ipinatupad sa pakikipag-ugnayan ng mga ibang kaibigang pwersa at opisina para tiyakin ang napagtulungan at pinag-isang sikap sa mock election. (NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)

PNP, tutulong sa next phase ng COVID-19 vaccination para sa mga bata



Nagpahayag ng kahandaan ang Philippine National Police (PNP) na tumulong sa Department of Health sa nalalapit na COVID-19 pediatric vaccination para sa lima (5) hanggang labing-isang (11) taong gulang na pangkat ngayong Enero 2022.

"Magiging mahalaga ito dahil ang pakikitungo natin sa mas batang bahagi ng populasyon, ngunit, ang PNP ay mayroon nang template," saad ni PNP Chief, Police General Dionardo Carlos.

Binigyang-diin ni PGen Carlos na maraming vaccination drive ang nagpatunay sa kakayahan ng mga tauhan ng PNP sa pag-secure ng iba't ibang lugar, kaya hindi na ito mangangailangan ng maraming pagsasaayos.

Tiniyak din ni PNP Chief ang pagkakaroon ng mga sinanay na vaccinators mula sa PNP Medical Reserve Force na nagsilbi sa

ELCAC-funded gymnasium sa Mountain Province, pormal na binuksan



Besao, Mountain Province (December 30, 2021) - Pinangunahan ni Governor Bonifacio Lacwasan, Chairman, ELCAC Provincial Inter-Agency Task Force kasama si PCol Ruben B Andiso at mga opisyal ng lokal na pamahalaan ng Besao, Mountain Province ang matagumpay na isinagawang Inauguration at Blessing ng isang ELCAC-Funded Gymnasium sa Brgy. Tamboan, Besao, Mountain Province noong Disyembre 30, 2021.

Sa sama-samang pagsisikap ng PLGU, mga residente ng Brgy. Tamboan, at iba pang kinaaukulang ahensya, ay pormal ng binuksan ang ipinatayong pasilidad na nagkakahalaga ng Php6,000,000 mula sa pondo ng programang ELCAC ng kasalukuyang administrasyon.

Ang nasabing proyekto ay karagdagan sa pagpapaunlad sa Besao-Tamboan-Abra provincial

road na hiniling ng mga opisyal ng barangay at mga residente nito.

Sa mensahe ni Governor Lacwasan Jr., kanyang ipinahayag ang pasasalamat sa mga proyektong ito na hindi magiging posible kung walang pakikiisa ng mga residente at kanyang iginiit na isang pamayanan na namumuhay sa pagkakaisa ay kasunod nito ang pag-unlad.

Sa kabilang banda, sinabi rin PCol Ruben Andiso na ang pagtatayo ng open gym ay resulta ng whole-of-the-nation approach ng ELCAC at kanyang pinaalalahanan ang komunidad na maging responsible at panatiliing maayos at malinis ang pasilidad.

Lubos naman ang kasiyahan ng mga residente sa programang ELCAC at sa nga iba pang ahensya na tumulong upang maisakatuparan ang kanilang matagal na inaasam na pasilidad.

mga naunang programa ng pagbabakuna ng gobyerno.

"Pinapaalalahanan namin ang mga magulang o tagapagalaga na sasama sa mga bata na laging maging maingat at maging isang halimbawa sa pagsunod sa minimum public health standards," yan ang apela ni PGen Carlos.

Tutulong din ang PNP na hindi mahadlangan ang paghahatid at

transportasyon ng mga bakuna sa mga itinalagang lugar at dagdagan ang mga medikal na tauhan at posibleng karagdagan mga lugar upang matugunan ang mas maraming bata na tatanggap ng bakuna.

Ang PNP ay naghihintay na lamang ng mga specific instructions at koordinasyon sa plano na ipatutupad sa susunod na mass vaccinations.

Php115.6-M halaga ng shabu, nasamsam sa Pampanga



Naaresto si Muslimin Mohamad Salim, 29 taong gulang, may asawa at nakatira sa Roldan Street, Lower Bicutan, Taguig City.

Nakumpiska mula sa kanya

ang 17 kilong hinihinilang ilegal na droga na nagkakahalaga ayon sa DDB value na humigit kumulang Php115,600,000 na milyong piso at isang sasakyan na Nissan GX na may plate number na NGQ

939

Sinampahan na ang suspek at nahaharap sa mga patong pato na mga kasong paglabag sa Artikulo II ng RA 9165 o Comprehensive Dangerous Act of 2002.

4 na batang iniwan sa harap ng simbahan, nirescue at inaruga ng kapulisan



North Cotabato (December 25, 2021) - Araw ng Pasko nang narescue ng mga tauhan ng Libungan Municipal Police Station, North Cotabato sa

pangunguna ni PCpt Razul Pandulo, COP ang apat (4) na menor de edad na iniwan sa harap ng San Isidro Parish Church, Libungan, North Cotabato.

Kabilang sa apat na narescue ang isang walong (8) taong gulang na batang babae, anim (6) na taong gulang na lalaki, dalawang (2) taong gulang na babae at tatlong (3) buwang sanggol na umiiyak at parehong gutom na at namumutla dahil iniwan ng kanilang magulang.

Napag-alamang mahigit limang oras na palang iniwan ng nanay ang mga bata upang humingi ng tulong dahil sa sila ay nag-away ng asawa nito at hindi alam kung saan pupunta.

Ang mga narescue na mga bata ay dinala sa tanggapan ng Libungan MPS at doon ay binigyan ng pagkain, pinalitan ng diaper at pinainum ng gatas ang sanggol nina PMSg Analie Queen Alanis at PCpl Kristine Grace Ulep.

Gabi na ng mahanap nila ang mismong nanay ng bata na ibinahagi naman ang naging dahilan ng pag-iwan nito sa kanila.

Dalawang araw na namalagi

Inspeksyon sa mga bilihan at pagawaan ng paputok, isinagawa sa Bulacan



Bocaue, Bulacan (December 29, 2021) - Patuloy ang seguridad ng pambansang pulisya na maging ligtas ang darating na bagong taon kung kaya't sila ay muling nagsagawa ng inspeksyon sa mga pagawaan at bilihan ng paputok sa Bocaue, Bulacan noong Disyembre 29, 2021.

Nagtungo mismo si PMGen Jesus Cambay Jr., Director, CSG kasama sina PGen. Valeriano T De Leon, Director, Directorate for Operations at PGen. Dominic Bedia, Director, SOSIA upang

siguraduhin na maigting ang pagbabantay at pagpapatupad ng kapulisan sa batas ukol sa paggamit ng paputok na nakasaad sa ilalim ng RA 7183 (An Act Regulating The Sale, Manufacture, Distribution And Use Of Firecrackers And Other Pyrotechnic Devices) sa mga pagawaan at bilihan ng paputok.

Samantala, sinuri isa-isa ni PGen De Leon ang lahat ng tindahan upang tiyak na walang lumabag sa ipinapatupad na batas ukol sa paputok ng pambansang pulisya.



at inaruga ng mga kapulisan ng Libungan MPS ang mga bata kasama ang nanay nito bago sila muling nakauwi sa kanilang tahanan.

Matapos makauwi sa kanilang tahanan ay dinalhan naman ng Libungan MPS ang mag-anak

ng mga lumang damit, bigas, at assorted grocery items.

Pinuri ng marami ang ginawang pagtulong at pag-aalaga ng kanilang himpilan sa mag-ina lalo na sa mga bata na siyang naging dahilan ng pagviral ng nasabing pangyayari.

EDITORIAL
Bagong taon, bagong sigasig na pagsisilbi para sa bayan

**PNP
CHIEF
@ UR
SERBIS**
Ni PGen Dionardo B. Carlos
Iba't ibang mukha ng pagtulong sa gitna ng kalamidad

Bago pa man natapos ang 2021, binayo ang ilang mga lugar sa Region 4B, Visayas at Mindanao ng malakas na bagyong "Odette". Nag-iwan ito ng matinding pinsala at pagkasira ng mga ari-arian, kabuhayan, at buhay ng ating mga kababayan. Maging ang ating mga kasamahang pulis ay nasalanta rin ng bagyo at nasira ang ilang sa mga pasalidad ng ating mga opisina at tanggapan. Malawak ang epektong dulot nito sa ating mga kababayan na sumabay pa sa pandemyang ating nararanasan sa kasalukuyan.

Nagdiwang ng Kapaskuhan at Bagong Taon ang ating mga kababayang apektado ng bagyo sa mga evacuation center, samantala ang iba naman ay sa kanilang mga sirang tahanan na walang kuryente, tubig at pagkain sa hapag-kainan. Ang iba naman ay talagang hindi na nakapagdiwang dahil na rin sa kanilang kasalukuyang nararanasan. Ganito man ang sitwasyon ng ilan sa mga pamilyang apektado, naka-agapay naman ang ating Pambansang Pulisya sa kanilang kaligtasan at pagpapaabot ng tulong sa kahit anong pamamaraan sa tulong na rin ng ating mga katuwang na grupo, organisasyon at personalidad na may butihing loob na makatulong sa kanila.

Samu't sari at kaliwa't kanan ang ginawa nating Christmas Drop at community outreach programs para sa kanila. Sa tulong ng bawat isang pulis at mga may ginintuang puso, tayo ay nagpaabot ng tulong para sa kanila. Bumuhos ang tulong at pagmamalasakit 'di lang mula sa ating hanay, kundi maging ng ating mga kababayan. Tuloy-tuloy ang pagdating ng mga ayuda, food and non-food items, at ibang tulong sa mga komunidad na apektado.

Ang iba naman ay sa halip na sa kani-kanilang pamilya magdiwang ng Kapaskuhan ay minabuti nila na ipagdiwang ito kasama ang mga naging biktima ng bagyo. Samantalang ang iba naman ay hinatiran ng pagkain, regalo at kaunting tulong bilang bahagi ng pagdiriwang ng kapaskuhan.

Magkakaiba man ang mukha ng ating pagtulong sa kanila, iisa naman ang ating hangarin; ito ay ang makatulong sa kanila sa anumang pamamaraan at anumang pagkakataon. Higit sa tulong na ibinigay natin sa kanila, mahalaga na ipagdasal din natin sila na kayanin ang mga pagsubok at problema na dumating sa kanilang buhay.

Anumang pagsubok ang dumating sa ating buhay, kung tayo ay magsasama-sama at magtutulongan, tiyak na ito ay ating mapagtatagumpayan. Huwag din nating kalilimutan na manalangin at magpasalamat sa Poong Maykapal para sa lahat ng biyaya na ating natatanggap mula sa Kanya.

Sa pagpapalit ng taon ay may panibagong kabanatang bubuksan na mayroong naghihintay na biyaya, pagsubok, at aral na kinakailangang pagdaanan ng bawat isa upang maging pinakamagandang bersiyon ng ating sarili.

Iwan natin ang nakaraang taon na may sigasig na pagibayuhin ang mga magagandang nagawa at magsilbing aral ang anumang hindi magandang pinagdaanan. Sa pagpasok ng taong 2022, malaking pagpupugay at pasasalamat ang nais ipaabot ng buong hanay ng pambansang pulisya sa ating mga mamamayan.

Nakita natin ang mga matagumpay na resulta ng anumang adhikain o programa kung ang lahat ay nagkakaisa, nagtutulungan at nagdadamayan. Ang nakaraang taon ang bumuhay muli sa kultura ng bayanihan sa bawat Pilipino kung saan naging sandigan natin ang bawat isa. Kaya naman ito ang naging sentro ng lahat ng mga aktibidades ng PNP upang lubos na makatulong sa ating mga mamamayan na nailugmok ng pandemya na pinalala pa ng mga bagyo at kalamidad.

Nakita natin ang determinasyon at masidhing pagnanais ng ating mga mamamayan mula sa iba't ibang sektor ng lipunan na makilahok at makiisa sa lahat ng pagsisikap ng pambansang pulisya upang labanan ang lahat ng uri ng kriminalidad, ilegal na droga at terorismo. Kaya nga nabuo natin ang Coalition of Lingkod Bayan Advocacy Support Groups and Force Multipliers na kinabibilangan ng mga sektor ng kabataan, kababaihan, LGBTQ, manggagawa, sektor ng relihiyon at iba pa.

Mula sa pakikipagtulungan sa paglaban sa lahat ng uri ng kriminalidad naging pangunahing tagasuporta ng pambansang pulisya ang koalisyong ito bunsod ng kabi-kabilaan nilang pamimigay ng donasyon na siya namang ipinapamahagi ng PNP sa ating mga kababayang lubos na nalugmok ng pandemya. Ito ay bukod pa sa donasyong health kits para naman sa ating mga kapulisan na nasa mga kalye at mga pampublikong lugar upang siguruhin ang kaligtasan ng bawat mamamayan.

Tunay ngang anumang hamon ang darating, ito ay napagtatagumpayan kung ang bawat isa ay nagkakaisa at nagtutulungan. At ito ang aspetong dadalhin at lalong pagyayamanin ng hanay ng pambansang pulisya sa panibagong taon ng pagsisilbi sa bayan, ang maabot ang iba pang sektor ng komunidad at maging kaagapay para sa mas payapa at maunlad na taon.

Maasahan ng bawat isa na lalo pang pag-iibayuhin at lalo pang maging masigasig ang mga kapulisan sa pagbibigay serbisyo dala ang inspirasyon at motibasyon bunsod ng malaking tiwala at suporta na kanilang tinatamasa mula sa ating mga mamamayan.

Hinihingi naman natin ang patuloy na suporta at pakikiisa ng bawat isa para sa isang masaganang bagong taon na may buong pag-asang makaahon mula sa sunod-sunod na dagok ng nakaraang taon.


EDITORIAL BOARD
PGEN DIONARDO B. CARLOS
Chairman
Editorial Consultant
PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE
Editor-In-Chief
PBGEN ERIC E. NOBLE
Executive Editors
PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV
PCOL ROGELIO P. SIMON
PCOL BERNIE H. ORIG
Business Manager
PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO
Managing Editors
PCOL BOOTS M. ASEO
Ms. Evelyn Duremdes-Barz
PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA
***PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
Writers/Researchers
PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales
Photographers
In-Charge of Circulation
PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo
***PCpl Rei Austin R. Manahan**
***Pat Jersen Christopher L. Yalong**
PLT RALPH KESTER S. RAGAZA
PMSg Butch L. Berden
PSSg Alan Czar A. Santos
Cartoonists
Mr. Roy S. Gonzalez
Mr. Ralph Evan S. Gonzales
Graphic/Layout Artist


Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr

Salamat Panginoong Diyos sa Nakalipas na Taong 2021

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Purihin ang Panginoong Diyos sa Kanyang patuloy na gabay at patnubay sa ating lahat. Lahat tayo ay nananabik sa pagpasok ng "Bagong Taong 2022". Bagong pag-asa at pagkakataon ang para sa ating lahat. Kung ating babalik-tanawin ang taong 2021 ay marami tayong naranasan, ito man ay nagdulot ng kabutihan at kalungkutan sa atin.

Maari mo bang isulat at ilahad ang mga magagandang bagay na ginawa sa iyo ng Panginoong Diyos?

Isa-isa kong sinulat ang nangyari sa akin sa taong 2021, at ako ay namangha. Lubos ang aking pasasalamat sa ating Panginoong Diyos. Hindi ko kayang sambitin ang lahat ng ginawa Niya sa akin, sa iyo at sa ating lahat.

Ayon sa "Banal na Kasulatan", Awit 118:29 "Oh magpasalamat kayo sa Panginoon, sapagkat siya'y mabuti: sapagka't ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man."

Pasalamatan natin Siya sa lahat ng pagkakataon. Bagama't dumating sa atin ang pandemyang COVID-19 ng hindi natin ginusto. Nakaapekto man ito ng labis sa mga

tao. May mga bagay pa rin tayong dapat ipagpasalamat:

1. Salamat sa Panginoong Diyos dahil ako ay naging pulis na naglilingkod sa bayan.

2. Salamat sa Panginoong Diyos dahil patuloy ang aking suweldo at may karagdagan benipisyo ang natatanggap mula sa gobyerno.

3. Salamat sa Panginoong Diyos dahil sa kabila ng pandemya at may pagkakataon akong makapasok sa iskuling para matuto at tumaas ang ranggo.

4. Salamat sa Panginoong Diyos dahil magkakasama ang aking pamilya.

5. Salamat sa Panginoong Diyos dahil iningatan Niya tayo sa laban sa COVID-19.

6. Salamat sa Panginoong Diyos dahil binigyan Niya tayo ng mga kaibigan na karamay natin sa lahat ng panahon.

7. Salamat sa Panginoong Diyos dahil binigyan Niya tayo ng kakayahan, kaalaman upang magamit natin sa ating trabaho at misyon.

8. Salamat sa Panginoong Diyos dahil sa mga guro na nagturo sa atin.

9. Salamat sa Panginoong Diyos dahil sa magulang na nag-aruga at nagpalaki sa atin.

10. Salamat sa Panginoong Diyos dahil sa mga taong

naniwala sa atin na naglaan ng oras upang linangin ang ating kasanayan.

Salamat sa Panginoong Diyos...! Napakaraming bagay ang ating dapat ipag-pasalamat sa Kanya.

Sa taong 2022, harapin natin ito ng may bagong pag-asa. Bagong pagkakataon at pagkilos ng ating Panginoong Diyos sa ating buhay. Anuman ang ating plano, lumapit tayo sa Kanya. Manalangin at humingi tayo gabay sa Kanya upang tayo ay magtagumpay.

Tayo po ay manalangin!

O Diyos aming Panginoon, maraming salamat po sa lahat ng mga biyaya na aming natanggap mula sa Iyo. Sa taong 2021 ay maraming nangyari sa aming buhay at nanatili kaming nakatayo at matatag dahil sa tulong at gabay Mo sa amin. Patawarin Mo kami sa lahat ng aming mga kasalanang nagawa laban sa Iyo. Dalangin namin na sa taong ito ng 2022 ay samahan Mo kami at sa lahat ng aming mga plano ay gabayan Mo kami upang magtagumpay ang Pambansang Pulisya sa pangunguna ng aming Hepe ng Pambansang Pulisya, PGen Dionardo Carlos.

Ito po ang aming hinihiling sa Iyong makapangyarihang pangalan. Amen!

Suspek sa pananaksak, arestado



Timbog ang isang 38-anyos na suspek matapos ang ikinasang follow-up operation ng Bacood Police Community Precinct ng Police Station, Manila Police District sa Sta Mesa, Maynila noong Disyembre 25, 2021.

Ayon kay Plt Leonarado So, ang commander ng Bacood PCP, bandang 8:40 PM nang maganap ang pananaksak sa kahabaan ng Cordillera St. Barangay 621, Sta. Mesa.

Kinilala ang biktima na si Nierve Rolleon, isang construction worker at residente ng Almanza I, Alabang, Muntlupa City.

Nadakilap naman sa follow-up operation ang suspek na si Melchor Delos Santos Jr., 38-anyos at residente ng Interior 25 Cordillera St. Barangay 621 ng Bacood, Sta Mesa.

Base sa imbestigasyon, nagkaroon ng pagtatalo ang dalawa matapos ipagpaalam ng biktima ang kanyang anak sa dati nitong kinakasama na kasalukuyan namang kasintahan ng suspek.

Sinita ng suspek ang biktima na nauwi sa pagtatalo at pananaksak.

Agad namang nagsagawa ng backtracking at follow-up operation ang pulisya matapos magtangkang tumakas ang suspek na kalaunan ay nadakilap ng mga operatiba.

Si Delos Santos ay nahaharap sa kasong paglabag ng Article 265 ng Revised Penal Code (Less Serious Physical Injury).

Top 5 Most Wanted Person sa lungsod ng Ilagan, arestado

Nahuli sa bisa ng Warrant of Arrest ang Top 5 Most Wanted sa Lungsod ng Ilagan noong ika-26 ng Disyembre, taong kasalukuyan sa Barangay Alibagu, City of Ilagan, Isabela.

Kinilala ang suspek na si Joseph Manalo y Castillo, 48 anyos, balo at residente ng Purok 5 Barangay San Felipe sa nabanggit na Lungsod.

Sa pinagsanib-pwersa ng mga operatiba ng Ilagan City Police Station sa pamumuno ni Pltcol Benjamin D Balais, Officer-in Charge; at 201st Manuever Company, Regional Mobile Force

Battalion 2 sa pangunguna ni PCapt Christian Arc T Caoile, ay nahuli ang nabanggit na suspek.

Inaresto ang nasabing akusado sa bisa ng Warrant of Arrest na may Criminal Case No. 9983 at may petsang Nobyembre 19, 2021 na inisyu ni Hon. Joel C Bantasan para sa kasong Rape by Sexual Assault.

Nagkakahalaga ng P200,000 ang inirekomendang bail bond para sa pansamantalang paglaya ng suspek.

Sa kasalukuyan, si Manalo ay nasa kustodiya ng Ilagan CPS para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

Ugaliing makinig, makibahagi sa programa ng PNP sa radyo at telebisyon...

<p>PULIS AKASYON AGAD</p> <p>RADYO VERDAD 1350kHz</p> <p>Every Monday 3:00-4:00 PM</p>	<p>DZRP</p> <p>RADYO PILIPINAS</p> <p>DZRP 738 khz</p> <p>Every Tuesday 2:00-3:00 PM</p>	<p>DWDD</p> <p>PULIS AT KOMUNIDAD</p> <p>DWDD 1134 khz</p> <p>GRS Virtual RTV</p> <p>Every Tuesday 3:00-4:00 PM</p>	<p>SERBIYONG PULIS</p> <p>RADYO VERDAD 1350kHz</p> <p>Every Thursday 3:00-4:00 PM</p>	<p>ALAGAD NG BATAS</p> <p>DZEC 1062 khz</p> <p>Every Friday 2:00-3:00 PM</p>	<p>PULIS AKASYON AGAD</p> <p>UNTV 6h37</p> <p>Every Saturday 7:00-8:00 PM</p>	<p>PULIS AKASYON AGAD</p> <p>DWIZ 882khz</p> <p>Every Saturday 8:00-9:00 PM</p>	<p>PNP-PCADG MULTIMEDIA</p> <p>REKTANG KONEK AKSYON AGAD</p> <p>Every Monday to Friday 12:30 NN - 1:30 PM</p>
--	---	---	---	--	---	---	---

Carrascal Cops end the year with relief distribution to Typhoon Odette's Victim

Carrascal, Surigao del Sur (December 30, 2021) – Makabuluhang tinapos ng Carrascal Municipal Police Station (CMPS) ang taong 2021 sa pamamagitan ng paglulunsad ng Gift Giving Activity sa mga biktima ng bagyong Odette noong Disyembre 30, 2021 sa Purok 15, Barangay Mat-I, Surigao City.

Typhoon Odette, ang pinakamalakas na bagyong tumama sa Caraga Region na nag-iwan ng libu libong pamilyang nawalan ng tahanan, lalong lalo na sa Surigao City at Siargao na pawang mga probinsya ng Surigao Del Norte at ang buong probinsya

ng Dinagat Island.

Ang mga kababayan nating lubos na naapektuhan ay magdidiwang ng kanilang Kapaskuhan at Bagong Taon sa kani-kanilang sirang bahay, with few clothes, kakulangan ng tubig inumin at pagkain, walang kuryente, signal sa internet at telecommunication, ay lubos na nakakalungkot at nakakadurog ng puso.

Mula sa busilak na puso at kabutihang loob ng mga tauhan ng Carrascal Municipal Police Station (CMPS), sila ay nagsagawa ng donation drives sa pamamagitan ng personal na pag-aambag ng

bahagi ng kanilang pinaghirapang pera. Ang kanilang nalikom na pera ay ginamit sa kanilang gift giving activity sa mga biktima ni Odette.

Malugod namang tinanggap at lubos na nagpapasalamat ang mga residente ng nasabing barangay sa kanilang natanggap na relief goods at mga regalo mula sa Carrascal PNP na bumiyaha pa ng apat na oras para lang makarating sa kanilang komunidad.

Hindi ito ang unang pagkakataon na nagsimula ang Carrascal MPS ng charity, donation drive, at pagbibigay ng regalo gayunpaman, ayon sa kanila ito ang pinakaespesyal.



Operation Christmas Drop ng PNP, umarangkada sa Kyusi

Cubao, Quezon City (January 1, 2022) - Isinakatuparan muli sa unang araw ng bagong taon 2022 ang paglilibot ng Community Assistance and Development Division personnel ng PCADG sa pangunguna ni PCol Joel T Ada upang isagawang muli ang "Operation Christmas Drop".

Nagtungo sa Barangay Socorro, Cubao, Quezon City ang mga nasabing personnel upang mamahagi ng mga laruan at pagkain para sa mga bata sa nasabing lugar. Pagkatapos dito ay binalikan nilang muli ang Barangay West Crame, San Juan City, upang ipagpatuloy ang pamamahagi ng mga aguinaldo sa nasabing aktibidad.

Kagaya ng hangarin ng Ama ng Pambansang Pulisya na si PGen Dionardo Carlos, unang araw ng bagong taon nga ay napakadaming bata ang napasaya nilang muli dahil sa kanilang mga natanggap na regalo mula sa kapulisan. Ang ilan sa kanila ay napakanta pa ng Christmas carol habang binubuksan ang kanilang aginaldo na ikinasaya naman ng kanilang mga magulang.

Bitbit ng mga kapulisan ang galak sa kanilang mga puso habang pabalik sa Kampo Crame dahil sa ilan na namang mga bata ang napasaya ng programang ito. Higit pa dito, mas naiparamdam nila sa kumunidad na nakahanda ang PNP magmalasakit sa ano mang dagok ng buhay.



ALERT LEVEL 1	GABAY SA BAGONG ALERT LEVEL SYSTEM
MGA EDAAD NA MAAARING LUMABAS	Lahat ay pinapayagan (Maliban sa Makatuwirang Paghihigit sa 3C na kintala ng mga LGU)
MGA AHENSA NG GOBERNO AT KAUNYAN NITO	
ESTABLISEMENTO NG MGA NEGOSYO	
MGA SERBIYO SA PERSONAL NA PANGANGALAGA	Buong kapasidad sa Pinakamababang Pampublikong Pamantayan sa Kalusugan
SERBIYONG "DINE-IN"	
MGA PAGITIPONG PANRELIHYON	
MGA PANG MGA PAGITIPONG MGA PANGPULONG, MGA PANGPULONG, KAGANAPAN AT SERBISYO	

SOURCE: IATF

#PNPKampiMo #PulisNgPilipino #WeServeAndProtect

ALERT LEVEL 2	GABAY SA BAGONG ALERT LEVEL SYSTEM
MGA EDAAD NA MAAARING LUMABAS	Lahat ay pinapayagan (Maliban sa mga makatuwirang paghihigit batay sa edad at mga may karagdagan sakit na maaring magpalala NA HINDI HIHIGIT SA ALERT LEVEL 4)
MGA AHENSA NG GOBERNO AT KAUNYAN NITO	Buong kapasidad at pagtupad sa 50% na kapasidad sa lugar ng trabaho
ESTABLISEMENTO NG MGA NEGOSYO	Malili na kapasidad sa lugar ng trabaho, Nagtatrabaho ng nasa bahay at pagsasaayos ng limitadong pagpasok sa trabaho
MGA SERBIYO SA PERSONAL NA PANGANGALAGA	50% ang pinakamataas na kapasidad sa lugar ng trabaho o kapasidad ng upuan
SERBIYONG "DINE-IN"	
MGA PAGITIPONG PANRELIHYON	
MGA PANG MGA PAGITIPONG MGA PANGPULONG, MGA PANGPULONG, KAGANAPAN AT SERBISYO	

SOURCE: IATF

#PNPKampiMo #PulisNgPilipino #WeServeAndProtect

ALERT LEVEL 3	GABAY SA BAGONG ALERT LEVEL SYSTEM
MGA EDAAD NA MAAARING LUMABAS	Lahat ay pinapayagan (Maliban sa mga makatuwirang paghihigit batay sa edad at mga may karagdagan sakit na maaring magpalala NA HINDI HIHIGIT SA ALERT LEVEL 4)
MGA AHENSA NG GOBERNO AT KAUNYAN NITO	Buong kapasidad at pagtupad sa 30% na kapasidad sa lugar ng trabaho
ESTABLISEMENTO NG MGA NEGOSYO	Malili na kapasidad sa lugar ng trabaho, Nagtatrabaho ng nasa bahay at pagsasaayos ng limitadong pagpasok sa trabaho
MGA SERBIYO SA PERSONAL NA PANGANGALAGA	30% ang pinakamataas na kapasidad sa lugar ng trabaho o kapasidad ng upuan
SERBIYONG "DINE-IN"	
MGA PAGITIPONG PANRELIHYON	
MGA PANG MGA PAGITIPONG MGA PANGPULONG, MGA PANGPULONG, KAGANAPAN AT SERBISYO	

SOURCE: IATF

#PNPKampiMo #PulisNgPilipino #WeServeAndProtect

ALERT LEVEL 4	GABAY SA BAGONG ALERT LEVEL SYSTEM
MGA EDAAD NA MAAARING LUMABAS	Hindi pwede: Edad 18 pababa, edad 65 pataas, mga may karagdagan sakit na maaring magpalala, mahinang relasyon, at mga buntis
MGA AHENSA NG GOBERNO AT KAUNYAN NITO	Buong kapasidad at pagtupad sa 30% na kapasidad sa lugar ng trabaho
ESTABLISEMENTO NG MGA NEGOSYO	Malili na kapasidad sa lugar ng trabaho, Nagtatrabaho ng nasa bahay at pagsasaayos ng limitadong pagpasok sa trabaho
MGA SERBIYO SA PERSONAL NA PANGANGALAGA	Mga serbiyong gapawen sa labas ng establisyemento 30% habang 10% naman sa loob ng establisyemento para sa mga bakunado lamang. Dapat rin na lahat ng empleyado ay bakunado
SERBIYONG "DINE-IN"	Kainan sa labas ng establisyemento 30% habang 10% naman sa loob ng establisyemento para sa mga bakunado lamang. Dapat rin na lahat ng tumakawan sa simbahan ay bakunado
MGA PAGITIPONG PANRELIHYON	Pagtitipon sa labas ng establisyemento 30% habang 10% naman sa loob ng establisyemento para sa mga bakunado lamang. Dapat rin na lahat ng tumakawan sa simbahan ay bakunado
MGA PANG MGA PAGITIPONG MGA PANGPULONG, MGA PANGPULONG, KAGANAPAN AT SERBISYO	Hindi pinapayagan

SOURCE: IATF

#PNPKampiMo #PulisNgPilipino #WeServeAndProtect

ALERT LEVEL 5	GABAY SA BAGONG ALERT LEVEL SYSTEM
MGA EDAAD NA MAAARING LUMABAS	Hindi pwede: Edad 18 pababa, edad 65 pataas, mga may karagdagan sakit na maaring magpalala, mahinang relasyon, at mga buntis
MGA AHENSA NG GOBERNO AT KAUNYAN NITO	Limitadong kapasidad sa lugar ng trabaho
ESTABLISEMENTO NG MGA NEGOSYO	Buong kapasidad ng Mesika at Esemayl na mga Trabaho; 50% na kapasidad sa lugar ng trabaho - (Mga TV, Radyo, atbp); Ilang Establisyemento - Limitadong kapasidad sa lugar ng trabaho
MGA SERBIYO SA PERSONAL NA PANGANGALAGA	Hindi pinapayagan
SERBIYONG "DINE-IN"	Hindi pinapayagan (Maliban sa "Take-out" at "Deliveries")
MGA PAGITIPONG PANRELIHYON	Ang mga serbiyong panrelihyon ay isaagawa sa pamamagitan ng online na pag-record ng video.
MGA PANG MGA PAGITIPONG MGA PANGPULONG, MGA PANGPULONG, KAGANAPAN AT SERBISYO	Hindi pinapayagan

SOURCE: IATF

#PNPKampiMo #PulisNgPilipino #WeServeAndProtect

BANTAYOG NG KAGITINGAN

Ni: PLt Robert Fabregas

Pulis, Tagapagtanggol Ng Demokrasya!

Kakambal nang pagiging pulis ang panganib, sa bawat sandali ay laging may banta sa buhay ang bawat kasapi ng Pambansang Pulisya mula sa mga kasapi ng Communist Terrorist Group (CTG). Walang pagpapahalaga sa buhay ng tao ang mga manliligalig, ang mahalaga sa kanila ay ang makapaghasik ng karahasan at takot sa mamamayan. Lahat nang kanilang gawain ay nakaangkla sa panlalansi at panlilinlang. Nakatuon ang kanilang pansin sa paglikida sa mga itinuturing nilang hadlang upang maibagsak ang ating gobyerno at ang mga demokratikong institusyon ng lipunang Pilipino.

Kaugnay nito, Isang marahas na paraan nang kamatayan ang sinapit ng isang alagad ng batas mula sa kamay ng mga kasapi ng New People's Army (NPA) noong December 13, 2018. Pinagbabaril ng mga NPA si SPO3 Reil Morgado sa loob mismo ng kanilang bahay sa Purok 4, Barangay Jagupit, Santiago, Agusan Del Norte. Walang awang pinaslang ng mga salarin

ang pulis na itinuturing na mabait at responsable ng mga tao sa komunidad. Agad na tumakas ang mga NPA matapos maisagawa ang kanilang pagpatay.

Labis na ikinalungkot ng pamilya ni SPO3 Morgado ang brutal na pagpatay sa kanya lalo na at magpapasko na noon. Mariin naming kinondena ng mga mamamayan ng bayan ng Santiago ang karahasang ginawa ng mga terorista. Sa libing ng pulis sa Jagupit Public Cemetery, bumuhos ang luha ng kanyang mga namimighating kaanak at kababayan. Nagsuot ng itim na damit ang mga nakidalamhating mamamayan at nagbitbit pa ng mga plakards na kumokondena sa mga karahasang ginagawa ng mga NPA sa kanilang lugar. Sa saliw ng mga putok ng baril bilang huling parangal ng PNP kay SPO3 Reil Morgado, nagngangalit naman ang dibdib ng mga mamamayan ng Santiago na sawang-sawa na sa mga ginagawang panggugulo at extortion activities ng mga NPA na lubhang nagpapahirap sa kabuhayan ng mga tao.

ZNPPO, pinaigting ang kanilang Manhunt Operation

17 Top Most Wanted Person and 23 Wanted Person Arrested for the Month of December 2021

Zamboanga del Norte Police Provincial Office @znpocr zamboangadelnorteppo 0998-598-6764

Sa kabila ng mahigpit na pagpapatupad ng mga restriction at safety health protocols kaugnay sa COVID-19 pandemic, patuloy pa ring pinaigting ng Zamboanga Del Norte Police Provincial Office (ZNPPO) sa pamumuno ni Police Colonel Giovanni Hycenth Caliao I,

Provincial Director ang kampanya laban sa pagtugis ng mga Most Wanted at Wanted Persons na nagtatago sa probinsya at kalapit na lugar.


Halos nasa kabuuang 17 Top Most Wanted persons at 23 Wanted persons ang naaresto sa loob lamang nitong buwan ng

Disyembre, 2021. Ang nasabing operatiba ay matagumpay na isinagawa sa kooperasyon ng mga kapulisan sa dalawang (2) city police stations at 25 municipal police stations kabilang na rin ang dalawang (2) Provincial Mobile Force Company na walang tigil na nagpapatrolya sa iba't ibang Area of Responsibility kaagapay ang iba pang police offices/ stations at iba pang mga enforcement agencies sa bansa.

Ang pagkaaresto sa mga nasabing Wanted Individuals ay nagpapahiwatig lamang na ligtas mamuhay, magtrabaho at magnegosyo sa nasabing probinsya. Gayunpaman patuloy pa rin ang panghihikayat ng ZNPPO sa publiko sa pagbibigay ng mga mahahalagang impormasyon upang mahuli ang iba pang natitirang wanted persons upang mapanagot sila sa kanilang nagawang krimen at mabigyang hustisya ang kanilang mga biktima.

Patuloy ang pagsusumikap ng ZNPPO upang panatilihin at ipatupad ang iba't ibang anti-criminality campaigns at iba pang related security operations para sa mas ligtas at payapang Zamboanga Del Norte.

Suspek sa kasong Murder, arestado sa Tondo



Arestado ang isang suspek sa insidente ng pamamaslang noong December 29, 2021 sa 1474 Masangkay St., Barangay 261, Tondo, Manila.

Kinilala ang nadakip na si Dante Reyes, 42 anyos, isang negosyante at residente ng 1474 Masangkay St., Barangay 261, Tondo, Manila.

Batay sa imbestigasyon, bandang 5:31 AM noong

December 30, 2021 nang i-report ng isang ama sa Moriones Police Station (PS-2) ang pagkawala ng kanyang anak na si alyas "Rusty", 19 anyos at isang estudyante.

Agad nagsagawa ng imbestigasyon ang Moriones Police Station kung saan nagpag-alaman na huling namataan ang biktima bandang 1:20 PM noong December 29, 2021 sa Severino Reyes St., cor Remigio St., Tondo,

Manila at pumasok sa tinutuluyan ng suspek.

Nagsagawa ng backtracking ang mga pulis gamit ang mga kuha ng CCTV sa naturang lugar. Batay sa CCTV, bandang 11:50 PM noong December 29, 2021, nakita ang suspek na buhat ang dalawang puting sako at isinakay sa taxi na may plakang NGR3561.

Hapon ng December 30, 2021 naman ng makatanggap ng tawag ang Moriones Police Station mula sa Bacoar City Police Station hinggil sa isang bangkay na chinap-chop sa lima at isinilid sa dalawang puting sako.

Positibong kinilala ng mga kaanak ng biktima ang bangkay na natagpuan sa kahabaan ng Bacoar Boulevard, Barangay Niog 3, Bacoar City, Cavite.

Dinakip sa manhunt operation ang kinikilalang suspek sa pamamaslang sa 19-anyos na biktima. Kasalukuyan itong nasa kustodiya ng pulisya para sa pagsasampa ng kaukulang kaso.

Php500k halaga ng shabu at baril, nakumpiska sa Malabon



Matagumpay ang ikinasang buy-bust operation ng SDEU-Malabon City Police Station matapos masamsam ang Php510,000 halaga ng iligal na droga sa Barangay Tugatog, Malabon City noong December 30, 2021.

Ayon kay PCol Albert Barot, Chief of Police, kinilala ang suspek na si Pierce Joshua Nicholas Escaño Pascual alyas "Pasky" at

Wendy Evangelista Roble.

Nakuha mula sa mga suspek ang 75 gramo ng hinihinalang shabu na may Standard Drug Price na Php510,000; at isang (1) caliber .40 pistol na may magasin at 2 bala.

Nahaharap sa kasong paglabag ng RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at RA 10591 ang mga naarestong suspek.



Mga dating NPA, nabigyan ng pangkabuhayan sa programang E-CLIP ng gobyerno



Natonin, Mountain Province (December 29, 2021) - Bilang bahagi ng walang humpay na pagsasagawa ng "Duterte Legacy thru BARANGAYanihan Caravan towards National Recovery," tatlong (3) dating Militia ng Bayan ang nakatanggap ng tulong pangkabuhayan mula sa gobyerno noong Disyembre 29, 2021 sa Natonin Municipal Police Station, Natonin, Mountain Province.

Katuwang ang Department of

Labor and Employment (DOLE) ng Mountain Province, ipinasakamay ng Natonin Municipal Police Station sa pamumuno ni PLT Jun Ngawit ang tatlong (3) Rice Milling Machine sa tatlong (3) benepisyaryo na nagbalik-loob sa pamahalaan.

Ang aktibidad ay dinaluhan at sinaksihan ng mga opisyal ng Mountain Province Provincial Police Office, kinatawan mula sa DOLE-Mountain Province,

MDRRMO, at ang Barangay Chairperson ng Poblacion, Natonin.

Dahil dito, buong kapulisan ng Mountain Province ay patuloy na hinihikayat ang mga kapatid na nalilito sa paghahanap ng kapayapaan na talikuran ang armadong pakikibaka at tanggapin ang programang E-CLIP assistance na iniaalok ng gobyerno upang magsimula ng bago at mapayapang buhay kasama ang kanilang mga pamilya.

Top 5 MWP (City Level), arestado sa Cebu City

Cebu City (December 31, 2021) - Arestado ang isang Top 5 Most Wanted Person (City Level) sa isinagawang Police Operation ng Cebu City Mobile Force Company sa pangunguna ni PMaj Caesar V Acompañado, Assistant Force Commander noong Ika-31 ng December 2021.


Naaresto si Archie Rollon, 41 taong gulang, lalaki, walang asawa, sa kasong pagbebenta, pakikipagkalakalan, pangangasiwa, paghahatid, pamamahagi at transportasyon at pagmamay-ari ng kagamitan, instrumento, apparatus at iba pang paraphernalia para sa paggamit ng mapanganib na

gamot na nakasaad sa seksyon 5 at 12 ng Republic Act 9165 (Comprehensive Dangerous Drug Act of 2002).

Sinasabing natagpuan at nahuli sa A. Lopez St., Barangay Calamba, Cebu City, bandang alas dos ng tanghali sa nasabing araw sa isinagawang police operation sa bisa ng warrant of Arrest na inilabas ng Regional Trial Court, 7th Judicial Region, Branch 58, sa pamumuno ni Presiding Judge Enriqueta Loquillano-Belarmino na may petsang Abril 14, 2014 na walang inirerekomandang piyansa.

Si Archie Rollon ay kasalukuyang nakapiit sa Cebu

City Jail Male Dormitory para sa kanyang paglilitis.



2 tulak, timbog sa Valenzuela buy-bust



Huli sa buy-bust operation ang dalawang tulak ng hinihinalang shabu sa Barangay Gen T De Leon, Valenzuela City noong ika-29 ng Disyembre, 2021.

Bandang 5:40 ng madaling araw nang isagawa ng Valenzuela City Police Station ang buy-bust operation.

Naaresto ang mga suspek na sina Gerhel Jumawan alias "Dhan Dhan", 36 taong gulang; at George Javier alyas "Jay Jay", 35 taong gulang, pawang mga residente ng Ignacio Compound, Sta Queteria, Lungsod ng Caloocan.

Nakuha mula sa dalawang suspek ang dalawang (2) piraso ng heat-sealed transparent

plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu; apat (4) na piraso ng knot-tied transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu; Php1,500 halaga ng cash; kulay asul na sling bag; isang (1) yunit ng cellphone; at buy-bust money.

Aabot ng 185 gramo ang kabuuang timbang ng nakumpiskang shabu na tinatayang nagkakahalaga ng Php1,258,000 batay sa DDB value.

Ang mga suspek ay nasa kustodiya ng Valenzuela City Police Station habang ang mga nasamsam na ilegal na droga ay nai-turnover na sa PNP-NPD Crime Laboratory Office para sa chemical analysis.

5 patay at 4 na pulis sugatan sa Cotabato province

Pikit, North Cotabato (December 29, 2021) - Patay ang limang (5) katao at sugatan naman ang apat (4) na pulis sa naitalang pinakamalaking police law enforcement operation sa rehiyon ng SOCCSKSARGEN na naganap sa Pikit, North Cotabato noong Disyembre 29, 2021.

Base sa ulat, kasalukuyang inihahain ang magkakaibang Warrant of Arrest kay Joel Manampan alias "Maula Manampan" sa naturang lugar ng Joint Task Force na personal na pinangunahan ni PBGen Alexander Tagum, Regional Director, Police Regional Office 12 ng nagkaroon ng sagupaan.

Nagresulta ang nasabing sagupaan sa pagkasawi ng limang (5) suspek na kinilalang sina Badrudin Masulot Dalid, Mudgiahed Saligan Hamsa, Arbaya Dalid Panisares, Asraf Dalid Masulot at Bunta Kabunto habang naaresto naman si Mohidin Dalagonan.

Narekober din sa nasabing

hideout ang mahigit 400 unit ng iba't ibang motorsiklo na pinaghihinalaang mga nakaw at isang (1) malaking cache ng high powered firearms na may kasamang crew-served weapons.

Samantala, si Manampan naman na nakatala bilang Most Wanted Person sa National Level dahil sa patong patong na kasong murder ay nakatakas.

Kinilala naman ni PBGen Tagum ang apat (4) na nasugatan na mga pulis na kasalukuyang nagpapagaling sa ospital na sina PLT Xiart Gatinao, Patrolman Aden Cocal, Patrolman Christian Carl Ansing at PCpl James Jay Belonio.

Ang ibang mga narekober na motorsiklo ay dinala sa Cotabato Police Provincial Office sa Amas, Kidapawan City para sa kaukulang disposisyon, samantalang ang iba naman ay pansamantalang naiwan sa pangangalaga ng barangay officials ng nasabing lugar dahil sa kakulangan ng cargo trucks na gagamitin sa paghahakot.

8 NPA members, sumuko sa Camarines Norte PNP



Camarines Norte (December 26, 2021) - Sa kabila ng pagdiriwang ng ika-53rd Founding Anniversary ng mga komunistang New People's Army (NPA), walong (8) miyembro umano ng kilusan ang kusang sumuko sa mga kapulisan ng Camarines Norte Police Provincial Office nitong Disyembre 26, 2021 sa Camp Wenceslao Q. Vinzons, Brgy. Dogongan, Daet, Camarines Norte.

Dakong alas 3:00 ng hapon, sa harap ng mga awtoridad, mamamayan at media ay kusang sinuko ng walo ang kanilang mga bitbit na iba't ibang uri ng armas,

hinubad ang kanilang suot na berdeng t-shirt na may selyo ng kilusan, sinunog ang isang effigy ni Joma Sison at watawat ng NPA.

Ang mga armas na isinuko ay isang (1) cal. 45, walang serial no., isang (1) magazine ng Cal. 45 na may pitong (7) bala; tatlong (3) canister with grenade rifle; isang (1) bandolier; isang (1) M16 Rifle; isang (1) short aluminum magazine M16; dalawang (2) long M16 magazine; 30 bala ng M16; apat (4) na cal. 38 revolver, walang serial number na may 21 bala; isang (1) M1 Garand Rifle, na may serial no. 838400; dalawang (2) clips garand rifle na may tag 8 bala; 9mm luger,

walang serial number; isang (1) magazine na may siyam (9) na bala; at anim (6) na Improvised Explosive Devices (IEDs).

"Naparito po kami para magsurrender sa gobyerno. Para magpatotoo, hindi namin kaya ang patakaran nila. Nalaman namin na ang gobyerno ay handang tumulong sa ipinaglalaban namin. Nandito kami para sumuko na at gustong makisama sa gobyerno at magbalik loob. Nagpapasalamat kami sa pagtanggap ninyo sa amin kahit nalaman ninyo na nandoon kami sa bukid (Kilusan) at pinilit naming magbagong buhay," ani Ka Jeffrey'.

Kasalukuyang nasa kustodiya

ng mga Pulis Bantayog ang walong (8) sumuko para sa balidasyon at dokumentasyon ng kanilang mga papeles bago makuwalipa sa tulong ng pamahalaan.

Sa pamamagitan ng E-Clip na lalayong tulungan ang ating mga kapatid na kasapi ng CPP NPA NDF at Militia ng Bayan na nais magbalik-loob sa pamahalaan at pamayanan, upang makapiling muli ang kanilang pamilya, sila ay mabigyan ng iba't ibang

tulong, kasanayan, kaaalaman na kanilang magagamit sa pagbabagong buhay at para din sa kanilang pamilya at komunidad.

Mensahe ng butihin at masigasig na Provincial Director, Camarines Norte Police Colonel Julius Guadamor, "Sersoyo ang gobyerno na tanggapin sila kung sila ay magbabalik loob, seryoso rin ang gobyerno na gibain sila kung hararangan nila ating mga programa."

Armas ng teroristang NPA nadiskubre sa Abra



Tubo, Abra (December 23, 2021) - Disyembre 23, 2021, dalawang araw bago sumapit ang pasko, nahukay ng mga awtoridad ang cache ng armas ng New People's Army sa Barangay Tabacda, Tubo, Abra.

Limang (5) matataas na kalibre ng baril na binubuo ng dalawang (2) M16, isang (1) baby Armalite, isang (1) M14, at isang (1) Springfield ang nahukay sa pinagsanib pwersang operasyon ng pulisya at militar mula sa tip ng isang residente ng nasabing

barangay.

Ang patuloy na pagbawi ng mga awtoridad sa mga armas at kagamitan ng NPA ay isang malaking dagok sa kanilang hanay na nagdudulot ng paghina ng kanilang puwersa.

Samantala, lahat ng barangay sa Abra ay nagdeklara ng persona non-grata sa grupong NPA dahil sa mga pang-aabuso at karahasan ng mga ito. Ito ay isang patunay na ang taong bayan ay sumusuporta at nakikipagtulungan sa pamahalaan para sa kapayapaan.

2 NPA members patay sa engkwentro sa bayan ng Barcelona



Sorsogon (December 25, 2021) - Sa pinagsanib na puwersa ng PNP at AFP, natunton ang kinaroroonan ng mga rebeldeng New People's Army sa bulubunduking lugar ng Brgy. San Ramon Barcelona Sorsogon nitong Disyembre 25, 2021 alas 8:30 ng umaga na nagresulta sa engkwentro ng mga alagad ng batas at mga NPA.

Nabuo ang isang team mula sa Scout Platoon, company 311b, 1st Provincial Mobile Force, Sorsogon Police Provincial Office at Barcelona Municipal Police Station sa ilalim ng pangangasiwa ni Police Colonel Arturo Brual, Provincial Director, Sorsogon.

Habang nasa kalagitnaan ng isinasagawang Intelligence

driven ISO/Combat nang makaengkwentro nito ang mahigit kumulang 30 miyembro ng teroristang NPA sa pamumuno ni Arnel Estiller o mas kilala sa alyas na "Mando", tagalihim ng Komiteng Probinsya 3, Bicol Regional Party Committee na nag-oooperate sa bulubunduking rehiyong Sorsogon particular sa Barcelona, Gubat at iba pang area of concern sa buong Bicol Region.


Nangyari ang nasabing madugong engkwentro na tumagal ng 45 minutes na nagresulta sa pagkasawi ng dalawang aktibong kasapi

ng rebeldeng grupo at hindi pa tukoy kung ilan ang mga sugatan samantala wala namang nasaktan sa panig ng gobyerno.

Kabilang sa narekober sa lugar na pinangyarihan ang tatlong (3) M16 rifle, mga bala, mga pasabog, pagkain at iba pang mga subersibong mga dukoment.

Naniniwala ang operating troops na ang grupo ay nag-espiya sa lugar ng engkwentro na may layuning salakayin ang mga istasyon ng PNP at detachment ng Philippine Army para sa kanilang nalalapat na anibersaryo.

Php1.5M droga nasabat sa magkahiwalay na buy-bust ops



Binabati ni PMGen Vicente Danao Jr. ang mga operatiba ng Northern Police District, partikular na ang mga himpilan ng pulisya ng Valenzuela City, Navotas City at Caloocan City sa kanilang matagumpay na buy-bust operation na nagresulta sa pagkakakumpiska sa higit-kumulang na Php1,523,200 halaga ng shabu.

Sa ulat na isinumite ni PBGen Jose S Hidalgo Jr., District Director kay PMGen Danao, ang operatiba ng SDEU Valenzuela City Police Station, sa pangunguna ni PCol Ramchrisen Haveria Jr., Chief of Police, ay nagsagawa ng buy-bust operation noong Disyembre 29, 2021 sa Gen T De Leon Rd, Brgy Gen T De Leon, Valenzuela City, na nagresulta sa pagkakaaresto sa dalawang (2) suspek at pagkakumpiska sa mga piraso ng ebidensya.

Ang mga naarestong suspek ay sina Gerhel Jumawan y Parangan, alias Dhan Dhan, 36 taon gulang, at George Javier y Justo, alias Jay Jay, 35 taong gulang, parehong residente sa Ignacio Compound, Sta Queteria, Caloocan City.

Ang mga ebidensyang nakumpiska ay dalawang (2) pirasong heat sealed transparent plastic sachet na hinihinalang shabu; apat (4) na pirasong knot-tied transparent plastic sachet ng shabu; isang (1) genuine na Php500 bill na ginamit na buy-bust money, 15 na piraso ng Php500 bill na ginamit na boodle money; cash

na Php1,500, isang (1) sling bag at isang (1) cell phone.

Ang lahat ng nasabat ay may timbang na 185 gramo ng hinihinalang shabu na may halagang Php1,258,000.

Sa mas nauna pa sa araw ding yun, ang mga operatiba ng OCOP-DEU, CCPS na pinangunahan ni PMaj Deo Cabildo, Chief, DEU kasama ang mga tauhan ng 6th MFC RMFB-NCRPO, sa pangunguna ni PMaj Vilmer Miralles, sa superbisyon ni PCol Samuel V Mina Jr, COP, sa pakikipag-unayan sa PDEA-RONCR, ay nagsagawa ng buy-bust operation na nagresulta sa pagkakaaresto sa mga suspek matapos ang pagsabwatan na pagbenta ng isang (1) pirasong medium transparent plastic sachet na may "SHABU" sa isang pulis na nagpanggap na poseur-buyer kapalit ng isang (1) genuine na Php500 kasama ang walong (8) piraso ng Php1000 pekeng boodle na ginamit na buy-bust money sa Conception Road, Brgy. 188, Caloocan City.

Ang mga suspek ay kinilalang sina Noramsa Pangkatan y Siatar alias Opaw, 31 taong gulang, walang asawa, vendor at Oding Mocado y Timbul alias Oding, 24 taong gulang, walang asawa at trabaho, parehong residente sa walang numerong bahay sa Domate Ave. Phase 12, Brgy. 188 Tala, Caloocan City.

Nasabat sa mga suspek ang apat na pirasong medium transparent plastic sachets na hinihinalang

shabu, ang isa ay ibebenta sana, at buy-bust money. Ang nakumpiskang droga ay may timbang na 20 gramo at may halagang DDB standard na Php136,000.



Bukod dito, noong Disyembre 28, 2021, nagsagawa ang mga operatiba ng Intelligence personnel ng Navotas City Police Station sa pangunguna ni PLT Luis Rufo Jr, ng monitoring at validation na nagresulta sa pag-aresto sa suspek at pagkumpiska sa ebidensya sa Judge Roldan Cor. Rosal St., Brgy San Roque, Navotas City.

Ang mga nakumpiskang ebidensya ay dalawang piraso ng heat-sealed transparent plastic sachet may hinihinalang shabu, may timbang na 19 gramo at may halagang Php129,200.

"Ang matagumpay na operasyon kontra iligal na droga, monitoring at validation ay nagresulta sa kapuri-puring accomplishment. Magtiwala kayo na ang NCRPO ay magpapatuloy na magtutulungan para tiyakin na makamit ang aming layunin na gawing ligtas at tahimik ang Kamaynilaan," sabi ni PMGen Danao.

Ang mga ssuspek ay nasa kostudiya ng mga operating unit para sa dokumentasyon at maayos na pagsasampa ng mga kaso sa paglabag sa Sec 5 kaugnay sa Section 26 at Section 11 Art 11 ng RA 9165 o kilalang ang Comprehensive Dangerous Drugs Act. (NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)

Php1.2M Shabu, nasabat sa Tondo buy-bust, 5 arestado



Manila noong Disyembre 28, 2021.

Ang mga suspek ay kinilalang sina Anthony Mante o kilalang "Anthony", 21 taon gulang; Randy A. Dolorico, 37; Dyan V. Abrazaldo, 24, Marga Jenifer R. Sison, 36, at isang 17 taon gulang na menor de edad.

Nakuha sa kanila ang 36 na plastic sachet na may white crystalline substance ng hinihinalang shabu na may timbang na MOL 175-180 gramo na may estimate standard drug price na Php1,224,000, at buy-bust money.

Ang mga suspek ay ikinulong habang hinihintay ang isasampang kaso dahil sa paglabag sa Sec. 5 & 11 Art II RA 9165 o kilala bilang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 habang ang mga piraso ng ebidensya ay ibinigay sa forensic laboratory para sa confirmatory testing.

Tondo, Manila (December 28, 2021) - Pinapurihan ni NCRPO Regional Director, PMGen Vicente Danao Jr ang mga operatiba ng Manila Police District, PS-7 Station Drug Enforcement Unit, sa kanilang matagumpay na pagkakaaresto sa limang (5) suspek sa droga sa isang buy bust operation sa Rail Road Track Laong-Nasa St., Tondo,

"Binabati ko ang walang kapagurang pagsisikap ng mga operatiba ng Manila Police District sa pangunguna ni PBGen Leo Francisco, District Director, na nagresulta sa pagkakaaresto ng mga personalidad na ito sa droga at sa pagkakasabat sa 1.2 milyong halaga ng pinaghihinalang iligal na droga.

Kahapon lang, nadakip din ng Southern Police District ang lima (5) pang katao na sangkot sa iligal na droga sa lugar sa Taguig at Makati na nakakuha ng higit sa kalahating milyong halaga ng iligal na droga. Ang mga nagawang ito ay nagpapatunay sa aming pangako na patuloy na palalakasin ang aming kampanya laban sa pagkalat ng mapanganib na sangkap dito sa Metro Manila," sabi ni PMGen Danao. (NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)

302nd MC naglunsad ng Community Outreach Program sa Gitnang Luzon



Guagua, Pampanga (December 22, 2021) - Sadya nga namang malamig na ang klima sa buwan ng Disyembre kaya naman ang kapulisan ng 302nd Maneuver Company (MC), Regional Mobile Force Company (RMFB3) kasama buong puwersa ng 302nd MC kapartner ang non-government organizations (NGOs) ay nagtungo sa Brgy. Maquipo, Guagua, Pampanga upang magsagawa ng community outreach program.

Pinangunahan ni PMaj Mary Castulo, Company Commander ang nasabing aktibidad kasama ang 302nd MC Advisory Council,

Lubao Balen Ming Pacamalan, Alpha Kappa Rho, 302nd MC Advocacy Groups at King Graphic Design and Decals.

Kasama sa kanilang community outreach program ang slippers distribution, relief goods operation "libreng ayuda", gift-giving activity, feeding program "libreng lugaw" at distribution of Personal Protective Equipment (PPE).

Higit 120 ang mapagpalang natulungan ng nasabing aktibidad at ikinatuwa naman ng mga residente na nabigyan sila ng biyaya sa kabila ng hirap ng kanilang nararanasan dulot ng

pandemya.

Ang Pambansang Pulisya ay nagkakaisa upang makapagbigay ng maganda at tapat na serbisyo para sa mga mamamayang Pilipino.



Buntis na tinanggihan ng ospital at nanganak sa bus, tinulungan ng pulis at sundalo



Ligtas na naipanganak ang isang sanggol na babae sa loob ng Mindanao Star bus ng inang si Grace Bulaw Cudog, 23 taong gulang na residente ng Makilala, Cotabato, 6:30 ng gabi, Disyembre 27, 2021 sa Kinuskusan, Bansalan, Davao del Sur.

Naabutan ng tauhan ng 2nd Davao Sur Provincial Mobile Force Company (DSPMFC) na si PCpl Roy A Rojaz at Sgt. Edclaire D Sotela ng 39 IB, PA ang panganganak ni Grace matapos agad silang tumugon sa paghinge ng tulong ng konduktor at

Mamang Pulis' Christmas Bike Gift Giving 2021



Tabaco City, Albay (December 26, 2021) - Ngiti at galak ang hatid ng ating Mamang Pulis ng Police Regional Office 5 at ng kanyang grupong Tabaco City Mountaineering Club (TCMC) sa mga kabataan ng Tabaco City sa kanilang isinagawang "Christmas Bike Gift Giving 2021" nitong Disyembre 26, 2021.

Angkas sa kani-kanilang bisekleta, nag-abot sila ng mga assorted goods sa mga bata na kanilang nadadaan sa mga lugar ng Pawa, San Carlos, Matagbac, Pinagbubong,

Mariroc, Guinobat at Panal.

Pinangunahan ito ni Julius Cruz ang nasabing aktibidad na pinagsikapan nilang magpaabot ng tulong at magsilbing inspirasyon sa mga kabataan sa loob ng tatlong taon.

Ang nasabing kaganapan ay nagpapatunay sa malakas na samahan at pagkakaisa ng komunidad at ng ating mga Kasurog Cops na isa sa mga layunin ang maipadama sa mga mamamayan ang mga extra ordinaryong aktibidad na sa kahit na anumang antas, maipalaganap ang kabutihan at pagtutulungan sa buong rehiyon.

drayber ng bus.

Matapos nito, sakay ng PNP patrol car ay kaagad nilang dinala sa Makilala Hospital ang mag-ina upang mabigyan ng kaukulang atensiyon.

Napag-alaman din mula sa kinakasama nitong si Jemar Muting, 29 taong gulang na residente ng Kisante, Makilala, Cotabato na nauna na silang pumunta sa isang ospital ngunit tinanggihan sila nito dahil sa kawalan ng pang-downpayment kaya sila ay nagpasyang umuwik kung saan inabutan si Grace ng

panganak sa bus.

Ligtas na ang sanggol at malaki ang naging pasasalamat nina Grace at Jemar dahil sa hindi nag-atubili sina PCpl Rojaz at Sgt Sotela sa pagtulungan sa kanila.

